Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng uri ng pang-abay

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **PR** kung ang pang-abay na may salungguhit ay *pang-abay na pamaraan*, **PN** kung ito ay *pang-abay na pamanahon*, o **PL** kung ito ay *pang-abay na panlunan*.

1. **PN** Tuwing alas singko ng umaga gumigising si Aling Dina.
2. **PN** Naglalaba ng mga damit si Aling Dina araw-araw.
3. **PL** Nakita ko siyang bumili ng sabong panlaba sa tindahan.
4. **PR** Matiyagang pinapaputi niya ang mga uniporme ng kanyang mga anak.
5. **PL** Si Ate Lorna ay naghahanda ng almusal sa kusina.
6. **PR** Masarap magluto ng tapsilog si Ate Lorna.
7. **PL** Tumungo sa hapag-kainan ang buong mag-anak.
8. **PN** Darating na mayamaya ang mga bata mula sa paaralan.
9. **PR** Naglakad nang matulin ang magkapatid.
10. **PR** Dali-daling tumakbo si Alicia sa kanyang inay.
11. **PR** Niyakap ni Aling Dina nang mahigpit si Alicia.
12. **PL** Nahalata ni Alicia ang merienda sa ibabaw ng mesa.
13. **PN** "Nagkaroon kami ng maikling pagsusulit kanina," sabi ni Alicia.
14. **PR** "Naunawaan mo ba nang mabuti ang leksiyon?" tanong ni Aling Dina.
15. **PL** Pumunta muna si Allen kina Jack dahil may hihiramin siyang aklat.
16. **PN** Nagsisimba ang buong pamilya tuwing Linggo.
17. **PN** Binibisita nila ang kanilang lolo at lola buwan-buwan.
18. **PL** Nakatira ang lolo at lola nila sa isang subdibisyon sa Barangay ng San Martin.
19. **PR** Masayang nakipagkuwentuhan si Lolo Pedring sa kanyang mga apo.
20. **PN** Nangako ang mga bata na tatawag sila sa telepono bukas.